Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
**Provincial Environment nd Natural Resources Office**
**MIMAROPA Region**
Bgy. Sta. Monica, Puerto Princesa City, Palawan
E-mail: penropalawan@denr.gov.ph
Telfax No. (048) 433-5638/ (048) 434-8791

DENR MIMAROPA RECORDS SECTION
RECEIVED
15 JUL 2022
INCOMING BY:
OUTGOING DATS NO.

July 4, 2022

**MEMORANDUM**

FOR : The Regional Executive Director
DENR MIMAROPA Region

THRU : The Chief, Regional Strategic Communications Group (RSCIG)

FROM : The Provincial Environment and
Natural Resources Officer

SUBJECT : **PENRO PALAWAN NEWSLETTERS RE: RETIREMENT HONORS FOR CENRO CORON AND CENRO ROXAS PERSONNEL**

Furnished are the Newsletters published by IEC Officer Irene A. Mixdon dated May 22, 2022 and July 1, 2022 with regards to the above mentioned subject.

For information and record.

**FELIZARDO B. CAYATOC**

Cc:
CENRO Coron
CENRO Roxas
PENRO Sections/Units

DENR-PALAWAN
PENRO-RECORDS
RELEASED
By
Date: 04 JUL 2022 22-1598

# PENRO PALAWAN
## Newsletter




Larawan ng mga retiradong empleyado at mga kasalukuyang pinuno ng DENR, Palawan









# RETIREMENT HONOR NG ANIM(6) NA KAWANI NG CENRO ROXAS, IDINAOS!

By: Irene A. Mixdon
Hulyo 1, 2022

Noong ika-30 ng Hunyo, taong 2022, ay matagumpay na idinaos sa opisina ng CENRO Roxas ang "Retirement Honor" ng anim (6) na kawani ng naturang opisina na sina Forester III Vitaliano B. Marañan, Park Maintenance Foreman Teofilo O. Sindayen, Forest Ranger Toribio B. Bungalso, Forest Ranger Virgilio L. Cacatian, Forest Ranger Nestor A. Cervantes at Forest Ranger Esperidion M. Deloche. Ito ay dinaluhan nina PENRO Felizardo B. Cayatoc, Chief, MSD Franklin G. Hernandez, CENRO Pablo L. Cruz, dating CENRO ng Puerto Princesa Diosdado Ocampo, mga kasalukuyan at dating empleyado ng CENRO Roxas at mga maybahay ng mga nabanggit na retiradong empleyado.

Di matatawaran ang kasiyahan ng lahat ng mga retiradong empleyado at iba pang dumalo sa ginanap na okasyon. Ipinadama ng mga pinuno ng DENR ang pagpapahalaga sa kanilang masigasig at magaling na serbisyo.

"Kahit tayo'y gumastos at bumyahe pa ng malayo mula sa kalahating araw na pagpupulong at trabaho sa PENRO ay walang kaso basta't mapadama lamang natin sa mga kasamahan natin ang kahalagahan ng kanilang di matatawarang serbisyo sa DENR." sambit ni PENRO.

Gayundin, labis-labis rin ang pasasalamat ng lahat ng mga retiradong empleyado sa mga makabuluhang samahan na nabuo nila sa pagseserbisyo sa DENR.

Patuloy ding inilahad ni PENRO Cayatoc sa selebrasyong ginanap ang kanyang layunin at mithiin na magkaroon ng samahan ang lahat ng mga retiradong empleyado ng DENR sa Palawan.

# PENRO PALAWAN NEWSLETTER

## PAGTITIPON NG MGA DATING KAWANI NG DENR -CORON PALAWAN, ISINAGAWA!

**By: Irene A. Mixdon**
**Mayo 22, 2022**



*Photo credits: Ms. Elizabeth Padon*

*Larawan ng mga retirado at kasalukuyang kawani ng DENR Palawan*

Noong ika-25 ng Mayo, 2022 sa Coron Palawan ay matagumpay at makabuluhang naisagawa ang programa, tulong pinansyal at pagtitipon ng dating kawani ng pamilya ng DENR kasama ang dating CENRO Diosdado Ocampo, kasalukuyang pinuno ng DENR-PENRO, Palawan na si PENRO Felizardo B. Cayatoc, Chief ng Management Services Division Franklin G. Hernandez at ilan pang mga kawani ng DENR-PENRO at CENRO sa Coron. Layunin ng gawaing ito ay upang makipag-ugnayan sa mga kalagayan ng dating kasamahan at maipadama sa kanila ang pagpapahalaga at pasasalamat sa kanilang naging serbisyo noong sila pa ay nasa DENR. Gayundin ay upang malaman ang pinagkakaabalahan at kalusugan nila. Dagdag pa ni PENRO Cayatoc sa kanyang pananalita ay upang makapagplano at makabuo ng samahan ng mga DENR Retirees sa Palawan.



*Photo credits: Ms. Elizabeth Padon*

*Larawan ng mga retirado at kasalukuyang kawani ng DENR Palawan.*

## "A day to remember and happiness overload"

Labis-labis ang pasasalamat at kaligayahan ng mga retirado at mga aktibo pang empleyado ng DENR CENRO Coron sa mga naturang opisyales sa kanilang mga tulong pinansyal, probisyon ng kanilang mga pangangailangan sa araw na yaon at pagpapadama ng pagpapahalaga sa serbisyong iginawad at ipinagkakaloob nila para sa publiko.

"A day to remember and happiness overload" ika nga ni retired Forest Technician II Elizabeth Padon